

Taon XXXIV Blg. 13 Agosto 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Samantalahin at patindihin ang hidwaan sa loob ng AFP

ng pag-aalsa ng 70 nakabababang upisyal at mahigit 250 sundalo ng AFP noong Hulyo 27 ay panibagong pagsambulat ng ibayong lumulubhang krisis sa pulitika at ekonomya na yumayanig sa reaksyunaryong naghaharing sistema.

Sa nakaraang dekada, higit pang bumilis ang pagsahol ng bulok at reaksyunaryong sistemang malakolonyal at malapyudal bunga ng todong pagpapailalim ng bansa sa mga patakaran ng imperyalistang globalisasyon kasabay ng walang habas na korapsyon sa burukrasyang sibil at militar. Lalo pa itong pinalalalim nitong dakong huli dulot ng walang kahihiyang pagtataguyod ng papet na rehimen sa interbensyong militar ng US at pangangayupapa sa agresyon nito sa Iraq at iba pang bahagi ng daigdig.

Ang labis na kabulukan ng papet na estado at ng mersenaryong hukbo nito ang pinakamatinding salik na nagtutulak sa nakabababang upisyal at karaniwang sundalo hindi lamang sa demoralisasyon at desperasyon. Ito rin ang nagtulak sa kanila na mag-alsa noong Hulyo 27 laban sa naghaharing rehimen at mga pinunong militar. Nilabanan nila ang pagkasangkapan sa kanila sa todong teroristang digma ng rehimeng Arroyo at pag-abandona ng rehimen at ng kanilang mga pinunong militar sa kanilang kapakanan.

Isiniwalat ng grupong nagpakilalang "Magdalo" ang mga kaso ng talamak na korapsyon ng matataas na upisyal militar at sibil, ang terorismo ng rehimeng



Arroyo kabilang ang pagpapakana ng mga pambobomba sa Mindanao at ang planong pagpapataw ng batas militar sa nalalapit na panahon.

Nagpahayag ng simpatya ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mga lehitimong hinaing ng mga nag-alsa kahit pa batid nitong walang makabuluhang matatamo ang pag-aalsa. Makatwiran ang iginigiit nilang pagbibitiw ng papet na rehimen at pamunuan ng AFP. Kailangang panagutin at pagbayarin, laluna sina Arroyo at Gen. Angelo Reyes, sa todo-todong pagpapakapapet sa US, mga pasista at teroristang krimen, labis-labis na pangungurakot at panunupil at pang-aapi sa mamamayan.

Lalong lumalalim at lumalawak ang demoralisasyon sa hanay ng mga ordinaryong sundalo ng AFP sa harap ng patuloy na pagsulong at pag-igting ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng Bagong Hukbong

Mga tampok sa isyung ito...

SONA 2003, pantasya ni Arroyo PAHINA 5 Tala ng mga paglabag sa karapatang-tao PAHINA 6 Kampanyang kontra-CAFGU sa Cordillera PAHINA 8 Bayan at sunud-sunod na matatagumpay na taktikal na opensiba nito sa iba't ibang panig ng bansa.

Matingkad na naipapakita ng BHB na mas superyor ang estratehiya ng matagalang digmang bayan at mga taktikang gerilya nitong nagtatamasa ng malawak at malalim na suportang masa kaysa mga dayong-turong estratehiya at taktikang nang-aapi at naghisa hiwalav dito masa. desperasyon ng pasistang estado at burukrasyang militar na sugpuin ang lalong lumalakas na rebolusyonaryong kilusan, itinutuon nito sa mamamayan ang mabangis na pasistang pagmamalupit at ipinambabala sa kanyon ang mga nakabababang upisyal at karaniwang sundalo.

Ipinakikita ng pag-aalsa na dahil sa sobrang pagkabulok at pagkahiwalay ng rehimeng Arroyo, nakahanda kahit ang mga upisyal at sundalo ng AFP na itakwil at labanan ang paghahari nito. Noong kasagsagan ng pag-aalsa, halos walang tumugon sa panawagan ni Cardinal Sin na magtipon sa EDSA upang suportahan ang rehimen.

Matingkad ring ipinakita ng

pag-aalsa na humantong na sa hayagang antagonismo ang banggaan ng pangunahing magkakaribal na mga reaksyunaryong pangkatin na pawang may inaalagaang paksyon sa loob ng militar. Isinagawa ang pag-aalsa sa balangkas ng planong "Huling Rebolusyon" na

binuo noong Hunyo ng mga reaksyunaryong nasa kampo nina Estrada at Honasan. Kanilang inudyukan, kinasangkapan at pinondohan ang tangkang kudeta sa desperasyong agawin ang kapangyarihan. Subalit dahil sa dala nilang makitid

na interes, kakarampot lamang ang natipong suporta para sa pag-aalsa ng mga nagprotestang sundalo.

Tuwirang nakaugnay sa ribalan sa pulitika ng mga magkakatunggaling reaksyunaryong paksyon ang malalim na paksyunalismo at hidwaan sa hanay ng AFP. Una itong sumambulat noong 1986 kaalinsabay ng pag-aalsang EDSA laban sa diktadurang US-Marcos at naulit sa mga tangkang kudeta laban sa rehimeng Aquino.

Mainam ang sitwasyon ngayon para paghusayin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang gawain sa loob ng reaksyunaryong hukbo. Kailangang masusing buuin ang mga balak para rito at isagawa ito sa mapangahas ngunit maingat na paraan.

Hikayatin natin, laluna ang mga karaniwang sundalo at pwersang

> paramilitar na nirekrut din naman mula sa hanay ng masang anakpawis, na itakwil ang bulok na sistemang pilit pinadedepensahan sa kanila at sa halip ay itaguyod ang interes ng mamamayang Pilipino. Alamin natin ang kanilang mga hinaing

habang inililinaw sa kanila na ang kanilang mga suliranin ay hindi malulutas sa pamamagitan ng bahabahaging reporma sa loob ng reaksyunaryong sistema o paglulunsad ng mga kudeta o iba pang hakbanging nakabuntot sa interes ng mga reaksyunaryong pulitiko. Kailangang baguhin ang buong bulok na sistema sa balangkas ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Kailangang ilantad ang kabulukan ng AFP laluna ang korapsyon at pagpapakasasa ng mga bundat na heneral na nakaupo sa tuktok ng burukrasyang militar. Mahalagang ipabatid sa kanila na ang kabulukan ng AFP ay nakadugtong sa kabulukan ng naghaharing sistemang ipinagtatanggol nito. Ilantad ang mersenaryong tradisyon at papet na oryentasyon ng AFP at palaganapin ang patriyotismo sa kanilang hanay.

Hikayatin silang magbuo ng mga lihim na progresibo at demokratikong grupo na maaaring magsagawa ng mga naaangkop na hakbangin sa paggigiit ng kanilang mga lehitimong kahilingan.

Palaganapin ang panawagan para sa pagpapasuko ng mga sundalong nasukol na sa labanan. Ipaalam sa kanila ang patakaran ng mahusay na pagtrato ng BHB sa mga sumuko at sugatang sundalo.



### ANG BAYAN

Taon XXXIV Blg. 13 Agosto 7, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

### Nilalaman

Editoryal	1
Pilit tinatabunan ng rehimen ang ugat ng pag-aalsa sa Makati	3
SONA 2003, pantasya ni Arroyo	5
Mga tala ng paglabag sa karapatang-tao ng rehimeng	6
Mga ulat-koresponsal	
Kampanya kontra-CAFGU	7
Produksyon ng marijuana	8
Mga taktikal na opensiba ng BHB	11
Balita	11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Manawagan sa mga sundalong tuwirang kinakasangkapan sa kontra-rebolusyonaryong digma at panunupil sa mamamayan na suwayin ang utos ng kanilang mga upisyal.

Hinihikayat natin ang mga nauugnayan at napaliliwanagang nakabababang upisyal at karaniwang sundalo ng kaaway na lubusang talikuran ang reaksyunaryo, bulok at pabigong landas ng AFP. Himukin silang itaguyod ang tradisyon ni Lt. Crispin Tagamolila, sumanib sa mga pakikibaka ng mamamayan at tumahak sa landas ng pagpapalaya ng sambayanan o makipag-ugnayan at makipagtulungan sa rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang paraan.


Habang isinasakatuparan natin ang mga gawaing pampulitika sa loob ng reaksyunaryong militar, hindi natin binibitawan ang saligang pananaw na ito ay isang armadong instrumento ng reaksyunaryong estado. Ginagamit natin ang pampulitikang paraan ng panghihikayat sa mga indibidwal na sundalo at upisyal, kaalinsabay ng pagsusulong sa pangunahin ng armadong pakikibaka upang hakbang-hakbang na gapiin at wasakin ang armadong pwersa ng kaaway.

Sa harap ng patuloy na lumalalim na hidwaan sa loob ng AFP, kailangan nating patuloy na paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at padalasin at palakasin pa ang mga taktikal na opensiba. Sa gayon, higit na masasamantala at mapalalala ng BHB ang kaguluhan at demoralisasyon sa hanay ng AFP.

Asahan natin na magpapatuloy pa ang paglala ng pagkakabitak-bitak sa hanay ng AFP bunga ng ibayong paglala ng krisis ng naghaharing sistema, pagtindi ng mga alitang pampulitika at pagsulong ng ating gawain sa loob ng reaksyunaryong hukbo. Kaakibat nito, asahan nating muling sisiklab ang iba't ibang mga hakbangin at aksyong protesta ng mga upisyal at mga sundalo, kapwa maliliit at malalaki, tuwiran man o hindi tuwirang kaugnay ng mga pampulitikang maniobra ng mga magkakaribal na reaksyunaryong pangkatin.

Iluluwal ng mga ito ang mainam na sitwasyon para sa mga rebolusyonaryong pwersa kapwa para paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at pagkilos sa loob ng reaksyunaryong hukbo. Ibubunga ng iba't ibang mga hakbanging ito ang disintegrasyon ng mga sandatahang pwersa ng kaaway na makapagpabibilis ng pagkakamit ng tagumpay ng rebolusyon.

### Pilit tinatabunan ng rehimen ang ugat ng pag-aalsa sa Makati



Arroyo ang lahat ng sangkot na upisyal at tauhan ng AFP. Upang pigilin ang ibayong pagsambulat ng mga isyung ipinahayag ng mga sundalo sa kanilang pag-aalsa, tinatangka ng rehimen na ipatigil ang mga imbestigasyon sa kongreso at senado.

Mahigit isang linggo na ang nakararaan matapos mabigo ang kudeta ngunit nakapataw pa rin ang "state of rebellion" na ginagamit ni Arroyo bilang ligal na batayan upang arestuhin at ikulong ang sinumang sangkot sa nabigong adbenturismo at usigin ang kanyang mga kaaway sa pulitika.

Nitong Agosto 4, sinampahan na ng rehimeng Arroyo ng kasong rebelyon si Sen. Gregorio Honasan, na inaakusahang isa sa mga utak ng bigong kudeta na inilunsad noong Hulyo 27. Si Honasan ang binalak na iluklok na presidente o pinuno ng hunta na bubuuin kapag nagwagi sana ang kudeta. Ang mababaw at mapagpanggap na National Recovery Program (NRP) ni Honasan ang siyang pinanghawakang programa ng grupong Magdalo para sa binalak nilang itayong bagong gubyerno. Bukod sa paggamit ng grupong Magdalo sa NRP ni Honasan, nabunyag din ang serye ng pakikipagpulong ni Honasan sa mga nag-alsang sundalo at ang pagbibigay niya ng ilang suportang lohistikal sa kanila. Walang nagawa kundi magtago si Honasan.

Kasabay nito, puspusan ang mga operasyon ng rehimen laban sa kampong Estrada na nabunyag bilang tagapondo at tagasulsol sa mga nag-alsang upisyal ng AFP. Inaresto si Ramon Cardenas, dating Assistant Executive Secretary, na dinaluyan ng pondo at nagpagamit ng mga bahay at sasakyan sa grupong Magdalo. Isinangkot ng rehimen sina Jinggoy Ejercito at JV Estrada, mga anak ni Estrada, at si Laarni Enriquez, isa sa mga kabit ni Estrada.



SADYANG pinatitingkad ni Arroyo na ginamit lamang ng kanyang mga kaaway sa pulitika ang grupong Magdalo sa pag-asang matatabunan nito ang mga usaping nasa likod ng pag-aalsa. Subalit anumang pagtatakip ng rehimeng Arroyo, hindi maitatatwa ang katotohanan ng mga hinaing ng mga sundalo.

Ang lider ng mga nag-alsang sundalo, si Lt. SG Antonio Trillanes IV, ay malaon nang nagsisikap na ilantad ang kabulukan ng AFP, sa partikular ng Philippine Navy (PN)—ang sangay na kanyang kinabibilangan. Dalawang dokumento ang kanyang isinulat na nagdedetalye kung gaano kasistematiko ang korapsyon dito. Sa unang dokumentong isinulat niya noong 2001, idinetalye ni Trillanes ang siyam na kaso ng korapsyon sa PN mula 1995 hanggang 1999. Sinaklaw nito ang pagkakasangkot ng mga upisyal ng PN sa ismagling sa Mindanao, pagnanakaw ng langis at gasolina mula sa mga barkong nabal at iba't ibang kaso ng pagnanakaw ng pampublikong pondo. Ang ikalawang dokumento isinulat noong 2002 nagdetalye kung papaano nagaganap ang sistematikong korapsyon sa proseso ng pagbili ng mga suplay ng PN. Tinukoy dito bilang pinakabulok na mga yunit ng PN ang Naval Sea Systems Command at Naval Logistics Center. Ang pinagmulan ng kanyang datos ay walang

iba kundi ang mga upisyal na rekord noong siya ang namamahala sa mga suplay ng PN at ang mga papeles mula sa mismong mga tagasuplay ng kagamitan sa Philippine Navy.

Bago lumitaw si Trillanes, ibinunyag na ng isa pang upisyal sa Philippine Navy ang grabeng kabulukan dito.

Noong Disyembre 2000, inilantad ni Rear Adm. Guillermo Wong ang iregularidad sa pagbili ng mga helmet para sa Philippine Marines na nagkakahalaga ng P3.8 milyon. Masyadong malaki, aniya, ang halagang ibinayad para sa mga helmet na mababa ang kalidad.

Sa halip na harapin nang servoso and mga anomalyang inilantad nina Trillanes at Wong, pagbabanta, pagmamaniobra at panunuhol ang naging tugon ng rehimen. Ilang beses na binantaan ang buhav ni Trillanes mula nang isulat niya ang dalawang dokumento. Si Wong naman ay sinubukang suhulan ng AFP chief of staff noon na si Angelo Reyes sa pamamagitan ng pag-alok sa kanya ng liderato ng AFP Northern Command kapalit ng kanyang pananahimik. Pinili ni Wong na tumiwalag na lamang sa militar.

Samantala, unti-unti nang nabubunyag ang mga anomalyang

kinasasangkutan ni Reyes. Nalantad kamakailan ang pagsagpang ng kanyang asawa at mga anak ng malalaking kontrata sa suplay para sa AFP. Isiniwalat din ni Sen. Sergio Osmeña III na hawak niya ang ebi-

densyang nagdidiin kay Reyes sa di bababa sa walong kaso ng iregularidad sa paggamit ng pondo ng AFP. Sa kabila nito, kapit-tuko si Reyes sa kanyang pusisyon.

Isiniwalat din ng grupong Magdalo na kabilang sa kanilang hanay ang mga inatasan ng nakatataas na kumand nila para isagawa ang pambobomba sa Davao City noong Marso. Una nang nabunyag ang presensya sa Dayao Victor Corpus, hepe ni Intelligence Service of the AFP, noong bisperas ng pambobomba. Dahil sa pagkakalantad na sa kanya, napilitang magbitiw si Corpus bilang pinuno ng ISAFP.

MAY dahilan ngang matakot ang rehimen sa malawak na pagkadisgusto ng mga nakabababang upisyal at karaniwang kawal ng militar. Iilandaang upisyal at sundalo lamang ang direktang nasangkot sa pag-aalsa subalit kinakatawan nila ang sentimyento ng ilandaang libong upisyal at sundalo sa buong kapuluan. Ang rehimen na mismo ang umamin na bukod sa mahigit 300 upisyal at kawal na nag-alsa sa Makati, may daan-daan pang ibang elemento ng AFP na nag-abandona ng kanilang mga yunit na posibleng kapanalig ng grupong Magdalo. Tiyak na hindi matatapos sa pag-aalsa sa Makati ang aksyong gagawin ng mga agrabyadong kasundaluhan. Tiyak ding sasamantalahin ng mga karibal na paksyon ng naghaharing uri ang nagngangalit na damdamin ng mga sundalo para agawan muli

ng kapangyarihan ang paksyong Arroyo.

Isasangkalan ng rehimeng Arroyo ang kudeta at sinasabing bantang kudeta upang magpataw ng mga hakbanging panghihigpit na sa dakong huli'y itutuon laban sa mga ligal na

pwersang demokratiko at progresibo. Kailangan itong matamang matyagan at militanteng labanan ng mamamayan.

### SONA 2003, pantasya ni Arroyo

uros pantasya..." "Parang ibang bansa..."
Tulad ng mga ito ang reaksyon ng nakararaming mamamayan sa paraisong ipininta
ni Gloria Arroyo sa kanyang State of the Nation
Address (SONA) nitong Hulyo 28. Malayong-malayo sa
katotohanan ang kanyang ipinagyabang na kaunlaran,
istabilidad at kapayapaan ng bayan.

Sa loob ng dalawa at kalahating taong panunungkulan ni Arroyo, tuluy-tuloy na dumausdos ang kabuhayan ng mamamayan. Hindi lamang inutil ang rehimen sa pagbibigay kahit ng pinakabatayang pangangailangan ng nakararami. Nangunguna pa ito sa pagsasamantala at pandarambong sa kaban ng bayan para sa kapakinabangan ng pamilyang Arroyo at mga pinapaborang burukrata-kapitalista at burges-kumprador.

Hindi binanggit ni Arroyo sa kanyang SONA ang pinakahuling leading economic indicators (LEI) sa pagpasok ng ikatlong kwarto ng 2003 na inilabas ng National Statistical Coordination Board. Nagsisilbing pangkalahatang panukat ang LEI sa takbo ng ekonomya batay sa kalakalan, presyo at konsumo ng kuryente, mga bilihin, mga sapi, halaga ng piso at iba pa. Ibayong bumagsak ang LEI mula negatibong .079 noong ikalawang kwarto tungong negatibong .096 nitong ikatlong kwarto. Ginawa ito bago pa naganap ang pag-aalsa sa Makati kaya hindi pa nasasalamin ang mga negatibong epekto nito sa ekonomya.

Hindi rin binanggit ni Arroyo na umaabot sa 80% ng populasyon ng bansa ang naghihirap. Tatlumpu't limang milyong Pilipino o mahigit 40% ng populasyon ay nabubuhay sa kulang pa sa P32 kada araw. Sa United Nations Human Development Index para sa taong 2003, lalo pang bumagsak ang katayuan ng Pilipinas mula ika-77 tungo ika-85. Kabilang sa pinagbatayan ng naturang panukat ay ang kalidad ng kabuhayan, kalusugan, antas ng literasiya at edukasyon, pagrespeto sa karapatang-tao at iba pang kagalingan ng mamamayan.

Paliit nang paliit ang inilalaang badyet para sa edukasyon, kalusugan at iba pang batayang serbisyo. Kasabay nito, pinag-iibayo ng rehimen ang pribatisasyon ng mga pampublikong institusyon sa kapinsalaan ng mamamayang umaasa rito.

Pinakamataas sa buong Asia ang tantos ng disempleyo ng bansa. Mahigit kalahati ng pwersa ng paggawa ang walang trabaho o di kaya'y kulang ang trabaho. Mahigit kalahati ng mga may trabaho ay hindi tumatanggap ng regular na sahod at mga benepisyo. Lumiliit din ang bilang ng mga may regular




na trabaho habang pinapalitan ang mga regular ng papalaking bilang ng kontraktwal at di-regular na trabaho. Paparaming Pilipino ang napipilitang makipagsapalaran na lamang sa ibang bansa upang maghanap ng mapagkakakitaan. Mahigit 10 milyong Pilipino na ang nagtatrabaho sa labas ng bansa at nadaragdagan pa ito ng 3,000 araw-araw.

Mula 2001, tumanggi na ang rehimeng Arroyo na itaas ang sahod ng mga manggagawa at ang sweldo ng mga sibilyang empleyado ng gubyerno. Nakapako sa P280 ang pinakamataas na minimum na arawang sahod gayong umaabot na sa P558 ang kinakailangan ng isang karaniwang anim-kataong pamilya upang mabuhay nang disente. Pilit pinagaganda lamang ng rehimeng Arroyo ang sariling mga estadistika ng kahirapan sa pamamagitan ng pagtatakda nitong sapat na ang P162/araw para sa isang lima-kataong pamilya. Taliwas sa ipinagmayabang ni Arroyo, nagtataasan ang presyo ng mga batayang produkto at serbisyo nitong nakaraang tatlong taon habang lalong bumagsak ang tunay na halaga ng sahod. Ayon mismo sa estadistika ng gubyerno, kumpara noong 1994, ang halaga ng piso ngayon ay P0.58 na lamang.

Masahol pa'y halos sangkatlo na ng batayang sahod at sweldo ay napupunta lamang sa pagbabayad ng kuryente. Hindi na nga itinigil ni Arroyo ang paniningil ng power purchasing adjustment (PPA), pinalala pa niya ito sa pamamagitan ng "unbundling

Sundan sa "SONA..", sa pahina 6



## Mga tala ng paglabag sa karapatang-tao ng rehimeng US-Arroyo

along dumami at tumindi ang mga kaso ng paglabag sa karapatangtao nang ilarga ni Pres. Gloria Arroyo sa buong bansa ang kanyang "gera kontra-terorismo" at kunwa'y gera laban sa iligal na droga.

Ayon sa KARAPATAN, isang organisasyong nagsusulong ng karapatang-tao, umabot na sa 482 ang bilang ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao mula Enero hanggang Hulyo. Kumpara sa naitalang 101 kaso noong 2002, tumaas nang 477% ang mga kaso ng paglabag, hindi pa man natatapos ang taon.

Noong 2002, di bababa sa 1,373 ang naging biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa Southern Mindanao. Ngayong taon, umaabot sa 15,928 ang mga biktima o 1,160% pagtaas kumpara noong 2002. Karamihan sa bilang ay biktima ng food blockade (8,413) at pwersahang paglikas (4,969). Wala pa sa bilang na ito ang mga biktima ng gera laban sa MILF sa Pikit, North Cotabato at ang 191 kaso ng pananalbeyds sa Davao City sa mga hinihinalang nagtutulak at gumagamit ng droga.

Mahaba rin ang listahan ng

mga paglabag sa karapatang-tao sa Bikol. Sa Albay, mula Enero hanggang Abril ngayong taon, may naitalang 11 kaso na bumiktima sa indibidwal at dalawang komunidad. Noong Marso, nagtala sa Camarines Sur at Camarines Norte ng 18 kaso na may biktimang 29 na indibidwal at dalawang komunidad. Sa Sorsogon, mayroon namang 23 kaso at mahigit 52 indibidwal na biktima noong Pebrero at unang linggo ng Marso. Bukod pa sa mga kasong ito ang mga paglabag sa mga baryong pinaglulunsaran ng mga operasyon ng Special Operations Team ng

Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na hindi pa nailalathala sa AB:

**Hulyo 21.** Minasaker sa Sityo Talayoq, Barangay San Nicolas,

#### "SONA..", mula sa pahina 5

of rates" o paghihiwa-hiwalay ng singil upang di mapuruhan ang kainutilan ng kanyang rehimen at ang kasibaan ng kanyang mga padrino sa Meralco. Tumaas maging ang singil sa serbisyo sa tubig. Paulit-ulit ding tumaas ang presyo ng langis.

Nagpalala pa sa kahirapan ng bayan ang kasibaan at korapsyon ng rehimeng Arroyo. Maliit ang tantyang P20 bilyong kinukurakot ng mga nasa poder tauntaon. Ayon sa sarbey, mahigit 57% ng mga pribadong kumpanya ang umaaming nanunuhol para makakuha ng kapakipakinabang na mga kontrata. Nananatiling kalakaran ang maglaan ng minimum na 20% ng gastos ng isang proyekto para panuhol sa mga upisyal ng gubyerno.

Kaliwa't kanan ang pagpasok ni Arroyo at kanyang mga kasapakat sa Malakanyang sa mga maanomalyang kontrata at kasunduan.

Dahil sa sistematikong pandarambong ng rehimen sa kaban ng bayan, papalaking nilalamon ng militar at napakalaking ibinabayad sa mga utang ng gubyerno, lumalala ang pagkabangkarote ng gubyerno. Tinatayang aabot sa P263 bilyon ang depisit sa badyet sa katapusan ng taon. Noong 2002, lumampas ang depisit sa badyet nang P82 bilyon sa itinarget nitong P130 bilyon para sa buong taon.

Baratilyong naisubasta na ang karamihan ng mga pangunahing korporasyon ng gubyerno. Kaya't dagdag na pangungutang ang pangunahing remedyo para masuhayan ang operasyon ng gubyerno. Lumaki na naman ang utang nito nang 14.7% nitong huling 12 buwan at umaabot na ito sa P2.96 bilyon. Umaabot na sa mahigit P5 bilyon ang kabuuang utang ng pampublikong sektor (public sector debts). Mahigit 120% na ito ng GDP (gross domestic product o kabuuang produksyon sa loob ng bansa). Walang tigil pa itong nadaragdagan, laluna't patuloy na lumalaki ang depisit ng qubyerno at ang kailangang bayarang utang.

Sawang-sawa na ang mamamayan sa mga hungkag na pahayag at mga pangako ng rehimeng Arroyo. Hiwalay na hiwalay na ito sa mamamayan. Dahil mahinang-mahina na ang rehimen at papakitid ang pinag-aagawan nilang madarambong sa mamamayan, nagmamadali na ang pangunahing kalaban nitong paksyon na agawin ang poder.

Sa kabila nito, kapit-tuko si Arroyo sa poder at lahat ng mga kaakibat nitong pribilehiyo at suhol. Sa halip na gamitin para sa pamamaalam ang kanyang huling SONA, nakikita ng nakararami na ang kanyang pangunahing pinagtutuunan ay ang pagtakbo sa eleksyong 2004.





Magsaysay, Occidental Mindoro ng mga elemento ng 16th IB ang lima-kataong pamilyang Mangyan. Pinagbabaril hang-

gang mamatay ang mag-asawang Olivia at Rogelio Blanco, ang kanilang mga anak na sina John Kevin, tatlong taong gulang at Dexter, isang taong gulang. Walong buwang buntis si Olivia. Sugatan naman ang kapatid ni Olivia na si Len-len Batikulin.

Hulyo 14. Marahas na binuwag ng Western Police District, Special Weapons Action Team at mga gwardya ng Intramuros ang piket ng mga manggagawa sa tapat ng Department of Labor and Employment sa Intramuros, Maynila.

**Hulyo 12.** Ginahasa at pinatay ni Sgt. Edwin Bautista ng 54th IB ang isang 16-taong gulang na dalaga sa Talubin, Bontoc,

Mountain Province. Binaril ng sundalo sa loob ng kanyang kwarto sa baraks ang biktima na ginawang utusan at *sex slave* ng mga sundalo sa kampo.

**Hulyo 1.** Tinortyur bago pinagbabaril hanggang sa mapatay ng militar si Hever Ybañez ng Barangay Pagsabangan, New Bataan Town, Compostela Valley.

Matindi sa kasalukuyan ang militarisasyon ng 701st Infantry Brigade at ng Scout Rangers sa Barangay Pagsabangan. Ipinapataw ang food blockade at matindi ang pananakot at pananakit sa mamamayan. Isang kanyong nakatutok sa kabahayan ang inilagay sa loob ng eskwelahan. Napilitang magsilikas ang mga residente.

Unang linggo ng Hulyo. Sa loob ng isang linggo, umabot sa 12 ang pinaslang sa Davao City ng Davao Death Squad (DDS). Ang DDS ay lihim na grupong *vigilante* na pinasimunuan ni Meyor Rodrigo Duterte ng Davao City, para isalbeyds ang pinaghihinalaang mga nagtutulak at gumagamit ng iligal na droga. Matapos ianunsyo ni Arroyo ang kampanyang kontradroga, tumaas ang bilang ng mga biktima ng DDS. Mula Enero hanggang Hulyo 16, umabot na sa 73 ang sinalbeyds nito.

Hunyo 17. Dalawang oras na pinagbabaril ng 100 sundalo ang day care center, kabahayan at mga pananim sa isang komunidad ng mga Aeta sa Sityo Itanglew, Barangay San Rafael, San Marcelino, Zambales. Kinabukasan, pinaghahalughog at pinagnakawan ng mga sundalo ang mga bahay. Ininteroga ang ilang mga biktima

hinggil sa kaugnayan umano ng mga ito sa BHB. Nang iulat ng pinuno ng mga Aeta ang insidente kay Meyor Lydia Rodriguez ng San Marcelino, sinabi nito na mainit lamang ang ulo ng

mga sundalo kapag may operasyon. Pwersahang nirekluta sa CAFGU ang ilang mga Aeta.

Naging biktima rin ng matinding militarisasyon at pang-aabuso ang 27 pang komunidad ng mga Aeta sa Central Luzon dahil sa pagsasanay-militar na Balikatan.

Hunyo 7. Pinatay si Fulgencio Gabin, 70, sa Barangay Gusa, San Jose de Buan, Samar, sa operasyong istrayk ng isang platung pinamunuan ng isang Lt. Quigao mula sa Alpha Coy ng 34th IB. Bandang alas-5 ng umaga nang tinawag si Gabin sa kanyang bahay ng isang elemento ng CAFGU, at dinala sa malapit na ilog kung saan siya pinagbabaril at tinadtad ng saksak. Lantarang kasinu-

ngalingan ang ipinalabas ng militar na may dalang .38 rebolber at mga dokumento si Gabin.

**Hunyo.** Hinaras ng militar

ang mga ligal na organisasyon sa Davao City sa pamamagitan ng pagtatayo ng malaking billboard kung saan nakalista ang mga pangalan ng mga militanteng organisasyon at mga lider ng mga ito na malisyosong inaakusahang mga prente ng PKP-BHB-NDFP. Hulyo 2, tinangkang Nitong tanggalin ng mga militante ang billboard subalit hinarang sila ng mga elemento ng PNP at 72nd IB na nakasakay sa isang trak at may pang isang kasama armored personnel carrier at trak ng bumbero.

Mayo 24. Mag-uumaga nang nireyd ng 200 armadong sundalo at paramilitar na pinamumunuan ng isang Capt. Torres ang isang youth camp sa Davao City. Pinaggigising ng mga pasista habang tinututukan ng baril ang 84 na kabataang may edad 13-21. Pinagsisigawan sila at pinatipon habang pinaghahalughog ng mga sundalo ang kanilang mga kagamitan. Tumagal nang dalawang oras ang pananalakay. Tinangay ng mga sundalo ang limang cellphone, isang tape recorder at isang camera. Kinunan ng mga militar ng video ang mga biktima. Idinahilan ng mga sundalo na may natanggap silang ulat hinggil sa presensya ng mga armadong terorista sa youth camp.

Ang naturang youth camp ay isinagawa upang matulungan ang mga batang biktima ng pangaabuso at iba pang kapabayaan. Karamihan sa mga biktima ay mga batang lansangan, batang manggagawa at ibinugaw na mga bata.

Mayo. Pinatay ng mga elemento ng CAFGU sa ilalim ng 1st IB si Abner Nario, 35 sa kanyang tahanan sa Antipolo City.

Samantala, umabot sa

Sundan sa "Tala.." pahina 8



Simon "Ka Filiw" Naogsan

Nitong huling linggo ng Hulyo, nakapanayam ng AB sa kabundukan ng Mt. Province si Simon "Ka Filiw" Naogsan, tagapagsalita ng Cordillera People's Democratic Front. Ibinahagi niya ang mga pagsulong ng gawain ng rebolusyonaryong kilusan sa Cordillera, partikular ang kampanyang kontra-CAFGU ng rehiyon. Bahagi rin ng panayam ang paglalahad ni Ka Filiw ng mga usapin sa likod ng pangangalakal ng marijuana at hashish at tinukoy ang mga upisyal militar na nakikinabang dito.

### Mga tagumpay sa paglalansag ng mga CAFGU sa Cordillera

ng CAFGU ay lokal na armadong galamay na ginagamit ng AFP sa paniniktik, panggigipit at marahas na pagkontrol sa lokal na populasyon. Gumagampan ito ng kritikal na papel sa pagsisikap ng kaaway na pagkaitan ng base ang rebolusyonaryong kilusan.

Karaniwang ang mga elemento ng CAFGU ang mga pinakaaktibong kontra-rebolusyonaryong elemento sa lokalidad. Malaking bahagi sa kanila ay mga elementong lumpen na naghahangad ng madaliang kita. Sadyang ibinubuyo ng kaaway ang mga elmento ng CAFGU sa mga pasistang pang-aabuso para nakakagamit sila ng kamay na bakal

nang may lusot o may ibang mapagbubuntunan ng sisi -- bukod pa sa mas pwersadong lumaban ang mga CAFGU habang mas umiigting ang alitan nila sa lokal na populasyon at rebolusyonaryong kilusan.

Bagamat kinikilala, pinalalala at sinasamantala natin ang mga kontradiksyon sa pagitan ng CAFGU at mga regular na yunit ng AFP, at kung ihahambing sa huli ay mas ginagamitan natin sila ng pampulitikang paghimok, ang CAFGU ay kabilang sa mga pangunahing target militar ng BHB. Mula't sapul, nilalabanan at pinipigilan ng rebolusyonaryong kilusan ang pagrerekrut at pagbubuo ng mga

ditatsment ng CAFGU at kung mabuo na ay ginagamit ng iba't ibang paraan para madurog, mabuwag, madisarmahan o mapalayas sila.

Partikular sa Cordillera, ang aspetong pampulitika ng gawain upang lansagin ang CAFGU ay nagsasaalang-alang sa mga relasyong tradisyunal at komunal bilang dagdag na pamamaraan. Partikular na isinasaalang-alang ang sumusunod na tatlong mahahalagang punto:

Ang mga sumasapi sa CAFGU ay mula rin sa hanay ng mga pambansang minorya na inoorganisa ng rebolusyonaryong kilusan. Dumaranas sila ng matinding kahirapan



#### "Tala...", mula sa pahina 7

200 Ata-Manobo ang napilitang magsilikas nang bantaan silang patayin ng Alamara kapag umatake ang BHB. Pitumpo sa kanila ay mga bata. (Ang Alamara ay isang grupong itinatag ng

militar bilang Civilian Volunteer Organization.) Sa kasalukuyan, umaabot na sa mahigit 500 pamilyang Ata-Manobo ang apektado ng mga operasyon ng Alamara.

Hinaras naman ng 204th IB ang mga myembro ng national fact-finding mission (NFFM) nang pumunta ito sa Mindoro upang imbestigahan ang pagpaslang noong Abril 21 kina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy, mga lider ng mga ligal na organisasyon.

Dalawang iskwad ng militar ang nagbantay sa mga myembro ng NFFM.

**Abril 28.** Binaril hanggang sa mapatay ng dalawang lalaki si Jun Villanueva Jr., 54, brodkaster ng DZGB-AM sa Legazpi City. Bago siya pinatay, pinadalhan siya ng imbitasyon ng Philippine Army sa Ligao City upang magreport sa hedkwarters nito. Hindi sumunod si Villanueva.

Abril 24. Pinatay ng militar si Leo "Ka Rey" Llarena, 23, na noo'y hors de combat, sa isang sagupaan sa pagitan ng BHB at militar sa Tastas, Ligao, Albay. Nilapastangan naman ang bangkay ng namartir na si Eddie "Ka Ted" Armenta, 18, isang Pulang mandirigma. Dalawa pang kasama ang namartir sa labanan.



dulot ng kawalan ng hanapbuhay at kapabayaan at pang-aapi ng reaksyunaryong estado. Ang pagsapi nila sa CAFGU ay kadalasanpara lamang makakuha sila ng kakarampot na alawans mula rito at wala silang hangaring kalabanin ang rebolusyonaryong kilusan.

Ang mga pambansang minorya ay nagbibigay ng malaking pagpapahalaga sa pagiging bahagi ng kanilang *ili* (katutubong komunidad). Hindi nila ihinihiwalay ang sarili sa *ili*. Ito ang naghuhugis ng kanilang identidad bilang indi bidwal. Ang katutubong kauga liang ito ay nalalabag sa pagsapi ng iilan sa CAFGU. Ibinu bunga nito ang pagkaka hiwalay ng sarili sa kapakanan, kapasyahan at galaw ng buong komunidad.

Ang pagbubuo ng CAFGU ay paglabag din ng mga tagalabas sa kultura at institusyong sosyopulitikal ng ili. Ang mga entidad na pumapasok sa komunidad ay ina asahang gagalang sa kultura, mga proseso, mga patakaran at kapakanan ng komunidad. Kung hindi, ituturing silang mga kaaway. Para sa mga pambansang minorya, napakaimportanteng panatilihin ang pagkakaisa ng ili. Kabilang dito ang pagkilala sa sosyopulitikal na awtoridad ng dap-ay1 na kinakatawan ng mga lallakay2. Ang mga indibidwal na sumasapi sa CAFGU av nahihiwalav sa ili dahil pumapailalim na sila sa awtoridad ng AFP at gayo'y nawawala sa saklaw ng awtoridad ng dap-ay. Sa gayon, itinuturing nang kaaway ng mga pambansang minorya sa Cordillera ang AFP dahil hindi nito nirerespeto ang dap-ay at wina wasak nito ang kaisahan ng ili.

### Patayan ng mga paksyon ng CPLA

PINAGBINTANGAN ni Mailed Molina, meyor ng Bucloc, Abra at pinuno ng isang paksyon ng Cordillera People's Liberation Army (CPLA), ang paksyon ng nasirang si Fr. Conrado Balweg ng pagpatay sa tatlo niyang tauhan noong Hulyo 28 sa Manabo, Abra. Pinatay ng mga armadong lalaki sina Rommel Martinez, Hector Rosales, at Hermi Tubban.

Bago ito, naglabas ng pahayag si Simon "Ka Filiw" Naogsan, tagapagsalita ng CPDF, na ang pag-aagawan ng mga paksyon ng CPLA ay para sa pwesto, rekurso at sariling interes ng mga lider ng CPLA. Kabilang dito sina Molina, Lt. James Sawatang, Corazon Cortel (byuda ni Balweg), Gavino Ganggangan at Abrino Aydinan ng Department of Agrarian Reform.

Sa mga lugar na ito, kasabay ng tuwirang pakikipag-usap at paghi himok sa mga nakakaugnayang elemento ng CAFGU ay binibigyan ng BHB ng malaking pagsasaalangalang ang mga katutubong kau galian at institusyon para sa epektibong gawaing pampulitika, kabilang na ang pagwawasak ng mga CAFGU. Kaugnay nito, napa kalaking tulong ang nagagawa ng mga *lallakay* at *dap-ay*.

Hinihimok ng mga lallakay ang mga sumapi sa CAFGU na kumalas na rito at pinagkakaisahan ito sa loob ng dap-ay. Katulong din sa panghihimok sa kanila ang mga kamag-anak nilang aktibista at myembro ng rebolusyonaryong kilusan sa komunidad. Ayon kay Ka Filiw, dahil kabilang sa uring inaapi at pinagsasamantalahan ang karamihan sa mga elemento ng CAFGU, damang-dama nila ang kahirapang dinaranas ng kanilang uri. Kinukumbinsi silang hangga't maaga ay iwasan nilang maka perwisyo at magkaroon ng kasa lanan sa ili at rebolusyonaryong kilusan o kung nagkaroon na ay agad na ituwid ang kanilang mga pagkakamali sa

kanilang uri at sa *ili*. Ipinaliliwanag din sa kanila na hindi sapat ang kakarampot na alawans para itaya ang buhay nila, tumalikod at mahiwalay sa angkan at sa *ili*.

May inani nang mga tagumpay ang mga pagsisikap na ito, ayon kay Simon "Ka Filiw" Naogsan.

Sa minimum, nanunyutralisa ang mga elemento ng CAFGU upang di lumaban sa mga rebolusyonaryong pwersa. Ngunit marami ang kaso kung saan nakikipagugnayan sila at aktibong tumutulong sa mga pangangailangan at operasyon ng BHB.

Isang pamamaraan lamang ang paglilihim nila sa kanilang mga AFP cadreman ng mga impor masyon hinggil sa rebolusyonaryong kilusan at pagpasa sa BHB ng mga impormasyon tungkol sa mga pagkilos ng kaaway. Mayroong mga kasong tahasan silang tumangging sumama sa mga operasyong militar ng AFP.

Sa ilang baryo sa Mt. Province, nagkaroon na ng karanasang buobuong yunit ang nakumbinsing tumiwalag sa CAFGU. May mga kaso ring sumasama ang maraming CAFGU sa mga taktikal na opensiba ng BHB gamit ang mga sandatang inisyu sa kanila. Mayroon namang kumalas mula sa CAFGU upang tuluyang sumapi na sa BHB.

<sup>&</sup>lt;sup>1</sup> katutubong institusyong sosyo-pulitikal ng mga pambansang minorya sa Cordillera na pinamumunuan ng kapulungan ng mga lallakay sa purok o buong komunidad

<sup>&</sup>lt;sup>2</sup>maa namumuno at mapaapasvana matatanda sa komunidad

### Produksyon at pangangalakal ng marijuana sa Cordillera, gawain ng militar at CPLA

Runwa'y seryoso ang mga reaksyunaryong pwersang militar at pulis sa pagsugpo sa negosyo sa droga, ngunit ang totoo'y sila ang nasa likod ng pagpapalaganap at pagnenegosyo nito at nagbibigay-proteksyon sa mga sindikato ng droga sa Pilipinas.

Sa Cordillera, mismong sina PNP Supt. Eugene Martin ng Abra at Meyor Mailed Molina ng Bucloc, Abra at pinuno ng isang paksyon ng Cordillera People's Liberation Army (isang kontra-rebolusyonaryong grupong paramilitar), ang magkatuwang na pasimuno sa pagpapatanim ng marijuana at pagbebenta ng hashish.

Ang hashish ay prinosesong bulaklak at bunga ng marijuana na mas malakas ang epekto kaysa dahon nito. Mas mahal din ito, laluna't kalakhan ng produksyon nito sa bansa ay iniluluwas. Kakutsaba ang rehiyunal at lokal na AFP at PNP, ang CPLA ay nagpapatanim ng marijuana at may pabrikang

nagproproseso ng *hashish* sa Tinglayan, Kalinga. Aabot sa 15 ektarya ang bawat plantasyon ng CPLA sa mga lugar na kontrolado nila.

Napipilitan ang ilang katutubo na magtanim ng marijuana dahil sa pagtutulak at sulsol ng militar at mga kasabwat nitong mga pwersang paramilitar tulad ng CPLA at dahil sa kawalan ng oportunidad para kumita sila nang sapat sa mas matinong paraan.

Karaniwang ibinibigay ng mga ahente ng militar ang mga itatanim sa mga kakontratang magsasaka. Bukod pa ito sa mga binhing galing sa mga dating tanim.

Hindi maselan sa lupang pagtatamnan kaya't madaling mabuhay ang marijuana sa mabato, matarik at iba pang kalupaang di paborable sa produksyong agrikultural. Sa gayon, madali itong itago sa mga liblib na gubat at matatarik na gulod na bihirang puntahan ng tao. Hindi masyadong pagod ang magsasaka dahil pagkatapos itong itanim ay hihintayin na lamang mamulaklak bago anihin.

Bago ang anihan, ang mga plantasyon ay

"nirereyd" ng Anti-Narcotics Unit ng PNP na kakutsaba rin ng mga sindikato sa droga. May paglilitrato ng pagsusunog ng ilang pananim para sa midya ngunit kalakhan ng "nakumpiskang" marijuana ay nauna nang naani at pinoproseso na.

Noong bukas pa ang mga base militar ng US, may isang US Army Major na siyang namamahala sa pagluluwas ng *hashish*. Ngayon, ang pagpoproseso, pag-eempake at paghahakot ay ginagawa na sa Cordillera. Mula rito, sa pamamagitan ng mga sindikato sa droga at sa proteksyon ng PNP at AFP, diretsong dinadala ang *hashish* sa Baguio, Olongapo o Maynila bago ieksport ang kalakhan at ikalakal ang iba nito sa

Ang mga pinunong militar na nakatalaga sa Northern Luzon ang siyang nakikinabang sa kalakal ng droga sa Cordillera. Sangkot sa tinatawag na "Baguio

iba't ibang lugar sa bansa.

Connection" ngayon sina Supt. Eugene Martin, Col. Ramsey Ocampo, Gen. Reynaldo Acop at Gen.

Rogelio Aguana. Ang tauhan nila sa Buguias, Benguet ay si Sgt. Arsenio Tomas na kahit alam ng lahat na sangkot sa droga ay hindi ginagalaw. Sa Bakun, Benguet, sangkot si Sgt. Henry Dayag. Siya rin ang pusakal na pasistang pumatay kina Fr. Nilo Valerio at tatlo pang martir ng Bakun noong 1985.

Samantala, sa mga lugar na kinikilusan ng BHB sa Cordillera, epektibo nang nasusugpo ang pagtatanim. Tuluy-tuloy ang kampanya ng Partido, ng BHB at mga rebolusyonaryong organisasyong masa upang kumbinsihin ang mga magsasaka na huwag nang magtanim ng marijuana. Malaki na ang natatamong tagumpay, bagamat dahil may mga lugar na hindi pa nasasaklaw ng Pulang kapangyarihang pampulitika, malawak pa rin ang kabundukang napagtataguan ng mga tanim nito.

Epektibo rin ang propaganda at kampanyang pang-edukasyon ng BHB at rebolusyonaryong kilusan sa pagpapababa ng mga kaso ng paggamit sa

Sundan sa "Marijuana...", sa pahina 11





### Mga sundalo inambus sa Capiz

NAPATAY and sarhentong timlider ng isang siyam kataong iskwad ng 12th IB na nagsasagawa ng "recon patrol" nang tambangan sila ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay Abangay, Tapaz, Capiz noong Hulyo 31.

Sugatan din ang isang sundalo.

Kilala ang mga sundalo sa pagiging abusado. Isang araw bago ang pananambang, kinumpiska ng tim na ito ang pitong bangka ng mga magsasaka na ibebenta sana sa Roxas City.

### 7 riple nasamsam sa revd ng BHB sa Camarines Sur

PITONG M16 and nasamsam nand salakayin ng BHB ang himpilan ng pulisya sa Cabusao, Camarines Sur noong Hulyo 25, Nakumpiska rin ang dalawang 9 mm, isang VHF base radio, mga magasin, mga bala at iba pang kagamitang militar. Isang pulis ang napatay at isa pa ang nasugatan sa 15minutong labanan.

Avon mga ulat sa koresponsal, bago pa makarating ang reimporsment ng kaaway ay ligtas nang nakaatras ang BHB. Masaya silang sinalubong binati nq masa dahil matagumpay na taktikal na opensiba.

### SOT tinambangan ng BHB sa Abra

INAMBUS ng Agustin Begnalen Command ng Bagong Hukbong (BHB) sa Abra ang Bayan pinagsanib na pwersa ng 17th IB at 503rd Bde na bumubuo ng isang special operations team sa Sityo Tapayen, Alaoa, Tineg, Abra. Isang sundalo ang namatay at isa ang sugatan sa pananambang. Kasalukuyang inilulunsad ng SOT ang "Oplan Alaoa" nang ito ay ambusin.

Ayon sa pahayaq ni Ka Diego Wadagan, tagapagsalita ng BHB sa Abra, pinarusahan nila ang 17th IB dahil nagsisilbi itong

pribadong hukbo ng pamilyang Benwaren, isang angkan ng nga warlord-pulitiko na matagal nang naghahari sa Tineg. "Nagsasagawa ng mga teroristang atake (ang 17th IB) sa mamamayang di sumasang-ayon sa warlordismo sa Tineg," ani Ka Diego. Mula nang ilunsad ang Oplan Alaoa noong Marso, 10 magsasakang inaakusahang myembro ng BHB ang sinampahan ng kasong arson kaugnay ng pagkakasunog ng isang resort na pagmamay-ari ng pamilyang Benwaren noong Nobyembre 2002.

### "Marijuana...", mula sa pahina 10

marijuana. Maliwanag din sa masa sa Cordillera ang pagkakasangkot ng militar at malinaw din sa kanila na ang mga reyd sa mga plantasyon ng marijuana ay pawang palabas lamang at isinasangkalan upang mamilitarisa ang kanilang lugar.

Ang maliliit na galamay ay hinihikayat na kumalas sa mga sindikatong kriminal at kanilang antisosyal na aktibidad. Ang mga militar, paramilitar at sindikatong pangunahing nasa likod ng mga ito ay tinutugis at kinakalaban ng hukbong bayan at rebolusyonaryong

Salamat Hashim NAGPAHAYAG ng pakikidalamhati ang

PKP, nagpugay kay Chairman

Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pagpanaw noong Hulyo 13 ni Salamat Hashim, tagapangulo ng Moro Islamic Liberation Front (MILF). Sa isang pahayag, nagpugay si Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, kay Chairman Hashim sa kanyang "buong-buhay at walang pag-iimbot" na paglilingkod sa mamamayang Moro at sa kanyang "militansya at rebolusyonaryong pamumuno." Sa ilalim n kanyang pamumuno, muling sumulong ang armadong pakikibaka ng mamamayang Moro at matagumpay nitong nabigo ang mga pagtatangka ng reaksyunaryong gubyerno na durugin ang MILF sa paraang militar o magamit ang usapang pangkapayapaan para pasukuin ito.

Bukas si Hashim sa pagbubuo ng pambansang rebolusyonaryong nagkakaisang prente ng NDFP at MILF. Naging pormal ang alyansa ng dalawang rebolusyonaryong organisasyon noong 1999 subalit dalawang dekada na itong umiiral.

Kasabay nito, binati ng PKP ang paghalili ni Al Haj Murad sa yumaong lider. "Itinuturing din namin siyang kaibigan at alyado," ani Ka Roger. "Tiwala kami na ipagpapatuloy ni Chairman Murad ang maningning na gawain ni Chairman Salamat" at "magpapatuloy and mahusay na relasyon at pagtutulungan ng PKP-BHB-NDFP at MILF-BIAF," dagdag ni Ka Roger.

kilusan.


Sa pamamagitan ng programa ng rebolusyong agraryo, sinisikap ng rebolusyonaryong organisasyong masa na paunlarin ang produksyong agrikultural punan mamamayan upang nq ang mga pangangailangang pangkabuhayan. Masigasig na tumutulong dito ang mga yunit ng hukbong bayan. Kabilang sa programa ng rebolusyong agraryo ang kooperatibang produksyon, pagpapaunlad pamamaraan ng pag-aalaga at pagpapadami ng mga tradisyunal na pananim, alternatibong mga produkto at iba pang mapagkakakitaan.



### Mga manggagawa sa Sulpicio Lines, nagtagumpay sa welga

Nagtagumpay ang dalawang araw na welga ng mga manggagawa ng Sulpicio Shipping Lines nitong Hulyo

29-30. Ang welga, na pinamunuan ng Unyon ng Mandaragat sa Sulpicio Shipping (UMSS) at Solid Towage and Litherage, ay nakapagpatigil sa byahe ng 24 sa 27 barkong pampasahero at pangkargo ng Sulpicio Lines. Napatigil ng unyon ang iligal na pagpapatalsik ng mga manggagawa sa trabaho. Natigil din ang makapangyarihang papel ng dilawang



Sumuporta sa welga ang Kilusang Mayo Uno-Alliance of Nationalist Genuine Labor Organizations (KMU-ANGLO) at Professional Solidarity for Social Concerns. Malaking bulto sa mga tumigil sa trabaho ay mula sa 900 empleyado ng Pier 12, North Harbor sa Tondo, Maynila. Sumunod na kumilos ang mga manggagawa sa Cebu City, Tacloban, Ormoc at Cagayan de Oro.

### Welga sa Bondex Garments at Alsons, tagumpay

NAIPAGTAGUMPAY noong Hunyo ng mahigit 100 welgista ng Bondex Garments Corporation sa Export Processing Zone sa Angeles, Pampanga ang tangka ng maneydsment na tanggalin ang mga upisyal at kasapi ng kanilang unyon.

Ang isang linggong welga ng mga manggagawa ng Bondex ay sinuportahan ng mahigit 400 manggagawa ng sister company nitong Goldon Garments Factory. Pinag-isa na rin ngayon ang unyon ng Bondex at Goldon at sinimulan ang negosasyon para sa bagong Collective Bargaining Agreement ng mga manggagawa ng Goldon.

Sa Cagayan de Oro City naman, naibalik sa trabaho ang 81 manggagawa ng Alcantara & Sons (Alsons) matapos ang limang taong paghihintay ng katarungan. Inatasan kamakailan ng National Labor Relations Council Fifth Division ang Alsons na ibalik sa trabaho ang mga manggagawa at bayaran ang naipon nilang sahod na nagkakahalaga na ngayon ng P17 milyon. Bago ito, sinisante ang mga manggagawa matapos ideklara ng NLRC na iligal ang kanilang welgang inilunsad noong Agosto 23, 1998. Ang Alsons ang isa sa pinakamalalaking kumpanya ng mga produktong kahoy sa Pilipinas.

### Piketlayn sa Nestlé, dinahas

MARIING kinundena ng mga nagwewelgang manggagawa ng Nestlé Philippines sa Cabuyao, Laguna ang tumitinding pag-atake sa kanilang

hanay ng mga negosyante, labor agencies, mga elemento ng Special Warfare Team (SWAT), Regional Mobile Group at mga gwardya ng Nestlé. Ang reklamong ito ay bunsod na dalawang insidente ng pandarahas sa kanilang piketlayn noong Hunyo 23 at Hunyo 24.

Ayon sa Pamantik (Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katagalungan), nagsasagawa ng pangkalahatang pulong ang mga kasapi ng United Filipino Employees-Drug, Food and Allied Services-KMU nang dahasin sila ng mga pulis, gwardya at mga bayarang goons. Inulan ng mga bato, kahoy at tear gas at binomba ng water cannon ang nagpupulong na 500 welgista.

Mahigit 30 welgista ang sugatang dinala sa ospital bunga ng tatlong oras na sagupaan sa pagitan ng mga bayarang tauhan ng imperyalistang kumpanya at mga welgista.

### Mountaineer, kinidnap ng RPA-ABB

NABUNYAG nitong Hulyo ang pagdukot at pagpatay ng kontra-rebolusyonaryo at bandidong pangkating RPA-ABB sa isang mountaineer na nawawala noon pang Pebrero. Ang mountaineer na si Leovic Gutierez ay kasama ng 11 pang iba na umaakyat sa Mt. Madia-as sa Culasi, Antique noong Pebrero 16 nang dukutin siya ng mga elemento ng RPA-ABB sa ilalim ni Daniel Batoy (alyas Mokong at Arlene). Si Batoy ang pinuno ng RPA-ABB sa Panay.

Ayon sa salaysay ni Joshue Alejo, isa sa mga giya ng mga mountaineer, kinasabwat siya ng RPA-ABB para dukutin si Gutierez at humingi ng ransom para sa kalayaan nito. Kunwa'y sumali pa ang mga tauhan ng RPA-ABB sa mga tropa ng Philippine Army sa paghahanap kay Gutierez mula Marso hanggang Hunyo. Sinabi rin ni Alejo na dinala rin siya ng RPA-ABB noong Hunyo 1 sa Barangay Monlaque, Ibajay, Aklan at tinortyur para aminin na siya ang "pumatay at nakaaalam kung saan inilibing si Gutierez."

Sa isang pahayag sa midya, sinabi ni Julian Paisano, tagapagsalita ng Coronacion "Waling-Waling" Chiva Command ng BHB-Panay na maaaring pinatay ng RPA-ABB si Gutierez para pagtakpan ang kanilang krimen.



Taon XXXIV Blg. 13 Agosto 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

### Samantalahin at patindihin ang hidwaan sa loob ng **AFP**

ng pag-aalsa ng 70 nakabababang upisyal at mahigit 250 sundalo ng AFP noong Hulyo 27 ay panibagong pagsambulat ng ibayong lumulubhang krisis sa pulitika at ekonomya na yumayanig sa reaksyunaryong naghaharing sistema.

Sa nakaraang dekada, higit pang bumilis ang pagsahol ng bulok at reaksyunaryong sistemang malakolonyal at malapyudal bunga ng todong pagpapailalim ng bansa sa mga patakaran ng imperyalistang globalisasyon kasabay ng walang habas na korapsyon sa burukrasyang sibil at militar. Lalo pa itong pinalalalim nitong dakong huli dulot ng walang kahihiyang pagtataguyod ng papet na rehimen sa interbensyong militar ng US at pangangayupapa sa agresyon nito sa Iraq at iba pang bahagi ng daigdig.

Ang labis na kabulukan ng papet na estado at ng mersenaryong hukbo nito ang pinakamatinding salik na nagtutulak sa nakabababang upisyal at karaniwang sundalo hindi lamang sa demoralisasyon at desperasyon. Ito rin ang nagtulak sa kanila na mag-alsa noong Hulyo 27 laban sa naghaharing rehimen at mga pinunong militar. Nilabanan nila ang pagkasangkapan sa kanila sa todong teroristang digma ng rehimeng Arroyo at pag-abandona ng rehimen at ng kanilang mga pinunong militar sa kanilang kapakanan.

Isiniwalat ng grupong nagpakilalang "Magdalo" ang mga kaso ng talamak na korapsyon ng matataas na upisyal militar at sibil, and terorismo nd rehimend



Arroyo kabilang ang pagpapakana ng mga pambobomba sa Mindanao at ang planong pagpapataw ng batas militar sa nalalapit na panahon.

Nagpahayag ng simpatya ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mga lehitimong hinaing ng mga nag-alsa kahit pa batid nitong walang makabuluhang matatamo ang pag-aalsa. Makatwiran ang iginigiit nilang pagbibitiw ng papet na rehimen at pamunuan ng AFP. Kailangang panagutin at pagbayarin, laluna sina Arroyo at Gen. Angelo Reyes, sa todo-todong pagpapakapapet sa US, mga pasista at teroristang krimen, labis-labis na pangungurakot at panunupil at pang-aapi sa mamamayan.

Lalong lumalalim at lumalawak ang demoralisasyon sa hanay ng mga ordinaryong sundalo ng AFP sa harap ng patuloy na pagsulong at pag-igting ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng Bagong Hukbong

Mga tampok sa isyung ito...

SONA 2003, pantasya ni Arroyo PAHINA 5 Tala ng mga paglabag sa karapatang-tao PAHINA 6

Kampanyang kontra-CAFGU sa Cordillera PAHINA 8